Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG DON RAMON G. DE LEON NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NOONG IKA-07 NG PEBRERO, 2019.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. GILBERT T. GATCHALIAN | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NOEL G. PINEDA | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. YOLANDA B. AZADA | " |
| KGG. BERNARDO B. OPLE, JR. | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |

HINDI NAKADALO:

| | |
|---|---|
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | Kasangguni |
| KGG. ALMA A. GATCHALIAN | " |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. CHRISTIAN P.C. BAUTISTA | " |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

---

KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 11-2019

ISANG KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA NAGBIBIGAY PAHINTULOT AT KAPANGYARIHAN SA PUNONG LUNGSOD, IGG. CHRISTIAN D. NATIVIDAD NA MAKALAGDA AT MAKAPASOK SA ISANG KASUNDUAN (USUFRUCT AGREEMENT) SA PAGITAN NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NG MALOLOS AT NG PRESIDENT CORAZON COJUANGCO - AQUINO MEMORIAL NATIONAL HIGH SCHOOL (PCCAMNHS) PARA SA PARSELA NG LUPA NA PAGMAMAY-ARI NG LUNGSOD NG MALOLOS NA MATATAGPUAN SA BARANGAY MOJON UPANG MAPAGTAYUAN NG GUSALI PARA SA SENIOR HIGH SCHOOL (GR. 11&12).

Akda nina: IGG. NINO CARLO C. BAUTISTA,
IGG. ALMA A. GATCHALIAN, IGG. YOLANDA B. AZADA,
IGG. FRANCISCO J. CASTRO AT IGG. ENRICO C. CAPULE

SAPAGKAT, itinatadhana ng Seksyon 16 ng Batas Republika Blg. 7160 o mas kilala sa taguring Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng Pilipinas na pangunahing layunin at gampanin ng Pamahalaang Panlungsod ang pagbibigay ng mga programa at proyekto na magsusulong ng kagalingang panlipunan;

SAPAGKAT, pangunahin sa layunin ng Pamahalaang Panlungsod ng Malolos ang pagkakaloob ng dekalidad na antas ng edukasyon sa mga kabataan nito at pagpapalakas ng sistemang umiiral patungkol sa edukasyon at paglinang sa kakayahang intelektwal, pisikal at emosyonal ng mga kabataang Malolenyo;

SAPAGKAT, kinikilala ng estado alinsunod sa itinatadhana ng Seksyon 13, Artikulo 2 ng 1987 Saligang Batas ng Pilipinas ang mahalagang gampanin ng kabataan sa paghubog at pagpapa-unlad ng bansa kung kaya't gampanin ng estado na siguraduhin ang pagpapalakas ng sektor na ito;

SAPAGKAT, ang President Corazon Cojuangco - Aquino Memorial National High School (PCCAMNHS) ay isang institusyong naghahandog ng libreng edukasyong sekondarya na umiiral sa Lungsod ng Malolos at kasalukuyang may humigit-kumulang 350 mag-aaral mula baitang 7-10;

SAPAGKAT, nais ng Kagarawan ng Edukasyon at ng Pamahalaang Panlungsod na ito gayundin ng nasabing paaralan na makapagbukas ng Senior High School (SHS) o baitang 11 at 12 upang mas mailapit ang paaralan sa mga mag-aaral na magsisipagtapos sa baitang 10;

SAPAGKAT, kinakailangang magkaroon ng karagdagang gusali ang nasabing paaralan upang mas maraming kabataang mag-aaral ang maaari nitong tanggapin para sa Taong Pampaaralan 2019-2020 at bahagi ng rekositos para sa pagkakaloob ng kaukulang pondo buhat sa Pamahalaang Nasyonal ay ang dokumentong nagpapakita ng kanilang karapatan sa lupang pagtatayuan nito;

SAPAGKAT, malaking tulong ito upang maisakatuparan ang nasabing hakbangin ng PCCAMNHS;

Sa kahilingan ni Igg. Yolanda B. Azada na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat, ay

IPINASIYA, gaya ng dito ay ginagawang pagpapasiya na binibigyan ng kapangyarihan at pahintulot ang Punong Lungsod, Igg. Christian D. Natividad na makalagda at makapasok sa isang kasunduan (Usufruct Agreement) sa pagitan ng Pamahalaang Panlungsod at President Corazon Cojuangco-Aquino Memorial National High School (PCCAMNHS).

PINAGTIBAY.

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. NOEL G. PINEDA**
KASANGGUNI

***KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

***KGG. ALMA A. GATCHALIAN**
KASANGGUNI

**KGG. ENRICO C. CAPULE**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

***KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. YOLANDA B. AZADA**
KASANGGUNI

**KGG. BERNARDO B. OPLE, JR.**
KASANGGUNI

***KGG. CHRISTIAN P.C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

***KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko ang kawastuan ng Kapasiyahang Panlungsod na binabanggit sa dakong itaas nito.

**MA. ROSALIE SP. CRUZ**
**Local Legislative Staff Officer III**
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**INH. GILBERT T. GATCHALIAN**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo
**wala sa panahon na pinagtibay ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod

*DhorieTrogo(SDC2)*020719